ISLAM:
USAPANG
KATOTOHANAN

# Ang Relihiyon ng Islam



Kadalasan ng relihiyon sa buong mundo ay ipinangalan o isinunod sa tao, sa nasyon o bansa kung saan ito nag simula. Halimbawa, ang Kristiyanismo ay ipinangalan mula kay Hesu Kristo, ang Judaismo ay mula sa tribu ni Judah, ang Buddismo ay mula sa titulo o katawagan sa kanilang tagapagtatag at ang Hinduismo ay mula sa India, at iba pa.

Ang Islam, ay hindi hango sa pangalan ng tao, tribu, o grupo. Ito ay hindi para sa partikular na grupo ng sangkatauhan o tinatag ninuman upang magtaglay ng kanilang pangalan.
Ito ay tinawag na Islam, na ang kahulugan ay pagsunod, pagsuko at pagtalima sa kagustuhan ng nag-iisang Dakilang Tagapaglikha.

## Ang Kahulugan ng Salitang 'Islam'


Ang Arabik na salitang 'Islam' ay nagtataglay ng maraming kahulugan kabilang dito ang pagsuko, pagsunod, taus-puso, pagtangi, debusyon kapayapaan at katahimikan.

Ang Islam ay nangangahulugan ng kabuuang pagsuko sa Panginoon, ang Tagapaglikha, ang tunay na Hari at malaya mula sa ibang anyo ng pananampalataya liban pa sa Kanya.

Ito ang kahulugan na ipinaliwanag sa maraming talata ng Qur'an.

Sa 31:22, halimbawa, nabasa natin na sinuman ang sumuko ng taos at buong puso sa dakilang Panginoon, sumusunod sa Kanyang ipinag-uutos at umiwas sa Kanyang mga ipinagbabawal ay katotohanang "may matatag na pananampalataya o paniniwala" at kung magkaganun ay makakarating ng ligtas.

Ang Islam ay nangangahulugan ng buong pusong pag suko sa Panginoon, at pagtakwil sa pananampalataya sa iba maliban lamang sa Kanya.



Samakat' wid ang tagasunod ng Islam, Ang Muslim ay tumutukoy sa sinuman na sumusuko ng buong puso sa Panginoon, tauspusong sumasamba sa Kanya, namumuhay ng mapayapa at nagpapalaganap ng kapayapaan.

## Islam ang Relihiyon ng Lahat ng Sugo ng Panginoon

Sa Qur' an ay malinaw na nakasaad na ang Panginoon ay nagpadala ng mga Sugo / Mensahero sa lahat ng mga nasyon sa magkakaibang panahon upang ituro ang relihiyon ng Diyos.
Patungkol kay Propeta Muhammad (s), ang Qur' an (35:24) ay nasasaad na, "Ipinadala namin sa inyo ang katotohanan bilang tagapagdala ng mabuting balita at magbigay ng babala. Walang nasyon na hindi pinadalhan ng tagapagbigay ng babala."
Kung ganon, ang lahat ng Sugo ng Diyos ay dumating na may parehong relihiyon at hindi sila magkakaiba sa mga prinsipyo ng pananampalataya at moral.

Ang mga Muslim ay naniniwala, kung saan ang huling Propeta na si Muhammad (s) ay sinugo, mahigit 1400 taon na ang nakalipas, at ang pagkumpleto sa relihiyon na ipinahayag sa lahat ng Sugo at Propeta na nauna sa kanya. Kinikilala at nirerespeto ng mga Muslim ang mga Sugo at Propeta na binanggit sa Bibliya at sa Torah. Sa Qur' an (2:136)

obligado sa mga Muslim ang maniwala sa lahat ng kapahayagan na ipinadala sa mga naunang Sugo ng Diyos, gaya nina Abraham, Isaac, Jacob, Moses at Hesus.

Ang Arabik na salitang 'Islam' ay binubuo ng maraming kahulugan kasama na ang pagsumite, pagsunod, katapatan, debusyon, kapayapaan at katahimikan.

Sa Qur' an (2:132) nakalahad sa atin ang kautusan ni Abraham sa kanyang mga anak bago ang kanyang kamatayan, katulad ng paglalahad ng kay Jacob sa kanyang mga anak, sinabi sa kanila na ang Diyos ay pinili ang tunay na relihiyon para sa kanila at nagbigay ng babala na huwag silang abutan ng kamatayan maliban na nasa ganap na pag sunod / pagsuko sa Diyos.

Kagaya mismo ng Muslim (na ganap na sumusuko).

Ang mga Muslim ay naniniwala na ang kahalagahan o hilagyo ng Abrahamic na relihiyon ay pareho, may pagkakaiba lamang dahil sa kultura, kaugalian, pagkakaiba ng salin o interpretasyon ng tao, subalit si Muhammad(s) ay ang huling Sugo sa lahat ng mga Sugo, ay ipinadala sa lahat ng s angkatauhan na may kumpleto at huling banal na batas
(Ang Qur' an 3:19).

Kaya naman ang Qur' an (3:19) ay malinaw na nagpahayag na iisa ang relihiyon, at ito ay ang Islam, At ang pagkakaiba-iba na ating nakikita mula sa mga taga sunod ng ibat-ibang relihiyon sa larangan ng paniniwala ay malinaw na pagbaluktot na naglalayo sa kanila mula sa tunay na mensahe na dinala sa kanila ng kanilang mga Sugo.